

Iniaatas ng Pederal na batas na ihintô ng lahat ng full-power television broadcast stations ang pag-broadcast sa analog format at mag-broadcast na lamang sa digital format pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009 (Ang Hawai'i ay magtra-transition sa 12 ng tanghali ng ika-15 ng Enero 2009). Ang lahat ng broadcast stations sa lahat ng U.S. markets ay kasalukuyang nagbro-broadcast sa kapwa analog at digital. Kung ikaw ay mayroong isa o higit pang analog na television na tumatanggap ng libreng over-the-air television programming na mayroong antenna para sa labas ng bahay o "rabbit ears" sa ibabaw ng TV, kakailanganin mo ng isang digital television (isang TV na may built-in digital tuner) o kaya isang analog television na nakakonekta sa isang "digital-to-analog converter box" (ginagawa nitong analog signals ang digital signals upang mapanood sa iyong analog set) upang patuloy na mapanood ang mga programa mula sa full-power broadcast stations. Ang Fact Sheet na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga antenna at kung ano ang kinakailangan para makakuha ng malinaw na reception ng digital broadcasts.

Subukang Gamitin Muna ang Iyong Kasalukuyang Ginagamit na Antenna

Una, mahalagang malaman kung ang iyong television ay kasalukuyang nakakatanggap ng malinaw na reception sa mga analog channel 2-51 gamit ang broadcast antenna, dapat nakakatanggap ito ng mga signal ng digital television (DTV), kabilang ang mga signal ng high definition television, gamit ang parehong broadcast antenna. Hindi mo kailangang bumili ng isang "DTV antenna" o ng isang "HDTV antenna" upang makuha ang DTV o HDTV signals. Gayunman, dapat malaman ng mga consumer na kapag gumamit sila ng isang digital-to-analog converter box, kakailanganin pa rin nilang gumamit ng antenna upang makuha ang DTV signals.

Bago gumawa ng anumang mga pagbabago sa iyong kasalukuyang antenna o sa sistema ng antenna, dapat mong itsek kung makukuha nito ang digital signals na ibinu-broadcast sa iyong lugar. Ikonekta ang iyong kasalukuyang antenna sa alinman sa digital television o digital-to-analog converter box na nakakonekta sa isang analog TV. Siguraduhin na ang iyong TV ay naka-set up upang makuha ang mga over-the-air broadcast (sa halip na naka-konekta sa isang may bayad na provider tulad ng cable o satellite TV company). Maaaring makatulong din ang magsagawa ng isang "channel scan," kung saan awtomatikong itsetsek ng iyong TV kung aling mga istasyon ang maaaring makuha nito. Sa karamihan ng mga kaso, ito lamang ang kailangan mong gawin upang manood ng digital television broadcasts.

Para sa Tulong Kung May Mga Probema sa Reception

Kung nagkaka-problema ka sa reception, ang sumusunod na impormasyon at tips ay maaaring makatulong na pahusayin ang iyong reception para sa digital broadcasts.

- Habang lumilipat sa digital TV, maraming mga istasyon ang pansamantalang nagpapalakad sa mas mababang power levels. Kung hindi ka nakakatanggap ng ilang mga istasyon sa digital TV, hindi ito nangangahulugan na mayroong problema sa iyong antenna o sa receiver. Makipag-alam sa TV station upang malaman kung sila ay may plinaplanong mga pagbabago na magpapahusay sa reception.



- Kapag ang signal ng analog TV ay mahina o nakakatanggap ng interference, madalas na makikita sa screen ang static, snow at distortion, ngunit makakapanood ka pa rin kahit maingay. Ang digital broadcasting ay nagbibigay ng malinaw na picture kahit na mahina ang signal at mayroong interference. Gayunman, kapag ang digital signal ay mas mababâ sa isang takdang kinakailangang lakas, ang picture ay maaaring biglang mawala. Sa "cliff effect" na ito, kung ikaw ay karaniwang nanonood ng analog TV stations na mayroong maraming static at distortion, maaaring kailangan mong i-adjust o i-upgrade ang iyong antenna system upang makakuha ng medyo magandang signal para sa digital broadcasts.
- Ang reception ng TV ay maaaring maapektohan ng ilang mga bagay tulad ng terrain, mga puno, gusali, panahon (ulan, hangin, humidity), at sira/nalumang equipment. Kadalasan, ang digital reception ay maaaring pahusayin kapag inilipat ang iyong kasalukuyang antenna. Kadalasang bumubuti ang reception kapag inilayô ito sa mga bagay o mga istruktura, o kaya inilagay sa mas mataas na lugar.
- Maraming mga antenna ang kailangang ikilos o ipuwesto upang makuha ang pinakamainam na signal mula sa ninanais na istasyon. Para sa mga antenna sa loob ng bahay, maaaring kailangan mong subuk-subukan ito. Para sa mga antenna sa labas ng bahay, ang isang rotor na mag-isang nagkikilos sa antenna ay maaaring magpahusay sa reception, lalo na kung sinusubukang makakuha ng mga istasyon na nagta-transmit mula sa iba't-ibang lugar.
- Ang television stations na nagbro-broadcast sa digital ay gumagamit ng kapwa VHF band (channel 2-13) at UHF band (channel 14-51). Maraming mga panloob na antenna ang gumagamit ng "rabbit ears" para sa VHF band at "loop" o "bow-tie" na antenna para sa UHF band. Siguraduhing gumagamit ka ng isang antenna na magagamit para sa kapwa VHF at UHF bands at nakonekta mo ito nang maayos.
- Ang mga simpleng antenna sa loob ng bahay tulad ng rabbit ears ay hindi gaanong mahusay at maaaring hindi angkop sa iyong lugar. Kung hindi ka makakuha ng kasiya-siyang reception gamit ang iyong kasalukuyang antenna para sa loob ng bahay, maigi ang kumuha ng isang antenna para sa loob ng bahay na mayroong features upang mas mabuti ang reception ng UHF signal at/o isang amplifier upang palakasin ang nakukuhang signal (kadalasang tinatawag na active indoor antenna).
- Sa pangkalahatan, ang isang antenna para sa labas ng bahay ay nakakakuha ng mas mainam na reception kaysa sa antenna para sa loob ng bahay. Kung ikaw ay mayroon nang isang antenna para sa labas ng bahay at malinaw na ang reception na nakukuha mo mula sa VHF at UHF channels, dapat mahusay ang iyong antenna para sa digital television.
- Ang kahusayan ng mga antenna para sa labas ng bahay ay maaaring mabawasan sa katagalan ng panahon dahil sa pagkalantad sa panahon. Kung ikaw ay nagkaka-problema, tingnan kung may hindi gaanong nakakabit o may agnas na wiring, mga sirang parte ng antenna at siguraduhing ang antenna ay nakaturo sa tamang direksyon.
- Subukang panatilihin maikli ang wire sa pagitan ng iyong antenna at digital receiver para sa pinakamainam na reception.
- Maaari kang gumamit ng single antenna upang magbigay ng digital broadcasts sa ilang mga TV sa iyong bahay. Tandaan na gayunman, ang bawat isang analog TV na nakakonekta sa iyong antenna ay kailangan ng sariling digital-to-analog converter box upang mapanood ang digital broadcast programming.
- Ang "mga splitter" na ginagamit upang ikonekta ang single antenna sa maraming receiver ay nakapagpapahina sa signal na maaaring makuha ng bawat receiver. Kung nagkaka-problema ka, tingnan kung ang reception ay huhusay kapag walang splitter. Sa ilang mga kaso, ang problema ay naaayos ng isang "active" splitter na mayroong amplifier.
- Kung ikaw ay malapit sa isang broadcast tower ng istasyon, ang reception ng istasyong iyon at ang reception ng ibang mga istasyon ay maaring mahadlangan ng signal "overload". Pag-isipang gumamit ng isang "attenuator" o tanggalin ang mga amplifier upang pahusayin



ang iyong reception.

- Kung nagpasiya kang palitan o i-upgrade ang iyong antenna para sa labas ng bahay, ang mga website tulad ng www.antennaweb.org ay nagbibigay ng impormasyon sa mga lugar ng broadcast tower at sa mga uri ng antenna para sa labas ng bahay na angkop para sa mga istasyon na nais mong makuha. Kung kailangan mo ng tulong sa pag-upgrade ng iyong antenna system, makipag-alam sa nasa iyong lugar na nagtitinda o nag-iinstala ng antenna.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa DTV transition, magpunta sa www.dtv.gov o makipag-alam sa FCC sa pamamagitan ng e-mail dtvinfo@fcc.gov; pagtawag sa 1-888-CALL-FCC (188-225-5322) o sa 1-888-TELL-FCC (1-888-835-5322) TTY; pag-fax sa 1-866-418-0232; o kaya'y sumulat sa:

Federal Communications Commission
Consumer & Governmental Affairs Bureau
Consumer Inquiries and Complaints Division
445 12th Street, SW
Washington, DC 20554

###

Para dito o para sa anumang iba pang publikasyon para sa consumer na nasa madaling makuhang format (electronic ASCII text, Braille, large print, o audio) mangyaring sumulat o tumawag sa amin sa address o sa telepono na nasa ibabâ, o kaya'y magpadala ng e-mail sa FCC504@fcc.gov.

Upang makatanggap ng impormasyon hinggil dito at sa iba pang mga paksâ para sa FCC consumer gamit ang electronic subscriber service ng Commission, mag-click sa www.fcc.gov/cgb/contacts/

Ang dokumentong ito ay isinagawa upang magbigay-kaalaman lamang sa consumer at hindi upang maapektohan ang anumang proceeding o mga kaso na may kinalaman sa paksang ito o mga may kinalamang isyu.

3/14/08

